Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-29 NG NOBYEMBRE, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 186-2021**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAIPAGKALOOB ANG "BACKWAGES" NG MGA NAAPEKTUHANG KAWANI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN, KAUGNAY NG NAGANAP NA "REORGANIZATION" NOONG TAONG 2012 AT NAPAWALANG-BISA NG KORTE NITONG NAKARAANG TAONG 2019.**

**ITINAGUYOD NI: NINO CARLO C. BAUTISTA**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** nagkaroon ng "Reorganization" noong taong 2012 na nagpatibay ng bagong "Organizational Structure and Staffing Pattern" para sa Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Malolos, Bulacan;

**SAPAGKAT,** nitong nakaraang taong 2019, buwan ng Setyembre ay tuluyang napawalang-bisa ang nasabing "Reorganization Ordinance 2012" base sa naging Desisyon ng Regional Trial Court, na kinatigan ng Court of Appeals at ng Supreme Court;

**SAPAGKAT,** nagkaroon ng hindi kaaya-ayang epekto sa tatlumput' siyam (39) na kawani, ang nabanggit na "Reorganization Ordinance 2012", na kung saan ay nagkaroon ng malaking kabawasan sa kanilang buwanang sweldo at sa kanilang ranggo sa kani-kaniyang mga opisina;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Pamahalaang Lungsod ang karapatan ng tatlumput' siyam (39) na kawaning naapektuhan ng nabanggit na pinawalang-bisa na "Reorganization Ordinance 2012",

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** mayroong nakalaang halagang Dalawampung Milyong Piso (Php20,000,000.00) na pondong nakalaan, partikular sa pagbabayad ng kanilang "backwages" na nakapaloob sa pinagtibay na "2021 Annual Budget";

**SAPAGKAT,** matatagalan bago makamtan ng mga apektadong kawani ang nabanggit na "backwages" kung hihintayin pa ang resulta ng mosyong nakabinbin sa Regional Trial Court - Branch 7, hinggil sa "execution" ng desisyon ng Korte Suprema;

**SAPAGKAT,** naglabas na ng opisyal na listahan ng kanya-kanyang halagang matatanggap ng mga apektadong kawani ang "Human Resource Management Office" bilang "backwages";

**SAPAGKAT,** sumasang-ayon ang bawat apektadong kawani sa nabanggit na opisyal na listahan ng "backwages", na nagmula sa "Human Resource Management Office" at pumapayag na mabayaran kaagad, kahit pa nakabinbin ang kaso sa Regional Trial Court - Branch 7;

**SAPAGKAT,** ang Punong Lungsod at ang bumubuo ng Sanggunian Panlungsod ay sumasang-ayon sa agarang pagbibigay ng kani-kanilang "backwages" sa lahat ng apektadong kawani;

**SAPAGKAT,** batay sa itinatadhana sa Section 16 ng Local Government Code, ito ay tumatalima para sa pagsusulong ng kalingang panlahat;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay ito ay tumatalima sa itinatadhana ng Section 16 ng R.A. 7160, kilala sa taguring Local Government Code of 1991;

**DAHIL DITO,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista**, na pinangalawahan nina **Kgg. Francisco J. Castro, Kgg. Enrico C. Capule, Kgg. Edgardo F. Domingo, Kgg. Miguel Carlos B. Soto At Kgg. Dionisio C. Mendoza**, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na BINIBIGYANG PAHINTULOT SA PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAIPAGKALOOB ANG "BACKWAGES" NG MGA NAAPEKTUHANG KAWANI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN, KAUGNAY NG NAGANAP NA "REORGANIZATION" NOONG TAONG 2012 AT NAPAWALANG-BISA NG KORTE NITONG NAKARAANG TAONG 2019.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

****KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

****KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

*****KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

*****KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

*****KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

****KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**Wala sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahamh Panlungsod
***Abstain

DhorieTrogo(SDC2)*11292021